ANNEX "LL"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, si **MARY ROSE B. TONDO**, Filipino, tatlumpung (30) taong gulang at nakatira sa 2515 Radium St., San Andres Bukid, Maynila, pagkatapos na manumpa nang naaayon sa batas, ay naglalahad at nagsasabi na:

1. Noong Agosto 8, 2017, bandang 11:30 ng umaga, pinasok ng mga armadong pulis ang aming bahay sa 2515 Radium St., San Andres Bukid, Manila.

2. Sa mga oras na iyon ay wala ako sa aming bahay sapagkat naghatid ako ng pagkain sa eskwelahan na tanghalian ng aking Grade 2 na anak.

3. Nandoon sa aming bahay ang aking nakababatang kapatid na si Janine Tondo, dalawampu't limang (25) taong gulang, at sa ikalawang palapag ng aming bahay ay naroon naman ang aming tatay na si Antonio Tondo, na sa mga panahong iyon ay mayroong malubhang karamdaman.

4. Ayon sa aking kapatid na si Janine, may dalawang armadong lalaking naka-jacket at nakapantalon ng pang-pulis na pumasok sa loob ng aming bahay. Samantalang ang isang kasamahan naman nila ay nasa labas at nakabantay kay Janine.

5. Dahil sa kanilang suot at mga kilos, napagtanto ni Janine na mga pulis ang mga ito.

6. Ayon kay Janine na nasa labas ng aming bahay, hinahanap ng mga pulis ang isang alyas "Totoy."

7. Kinausap ng mga pulis ang mga naglalarong bata sa labas ng bahay. Sa mga batang ito sila nagtanong kung saan nakatira si "Totoy." Ang napagtanungan nila ay ang aking pamangkin na si Jormel Iglot, anim (6) na taong gulang, at ang anak ng aming kapitbahay na si Mikay, limang (5) taong gulang.

8. Dali-daling itinuro ng mga walang muwang na bata ang aming bahay at sinabi na, *"Doon po sila nakatira sa taas."*

9. Si Janine ay agad sinabi sa mga pulis na "Tutuy" ang pangalan ng nakatira doon at hindi "Totoy."

10. Dalawa kasi ang may pangalan na "Totoy" sa aming lugar. Ang isa ay ang aking asawa na may palayaw na "Tutuy" at ang isa ay si "Totoy," isang kilalang nagbebenta ng droga na nakatira lamang sa kabilang eskinita.

11. Ngunit biglang pinagsabihan si Janine ng mga pulis na, *"Huwag ka nang magkaila!"*

12. Sumagot naman ang kapatid ko, *"Wala kaming ginagawang masama!"*

13. Mabuti na lamang at nagkataon na wala kami sa aming bahay ng mga oras na iyon. Tanging ang aming tatay na si Antonio ang nasa ikalawang palapag at kasalukuyang noon na may malubhang karamdman.

14. Pagkababa ng mga kalalakihan mula sa ikalawang palapag ng aming bahay, tinanong nila si Janine kung tatay daw namin iyong nasa itaas at kung may sakit daw ba ito. Sumagot naman si Janine ng, *"Opo."*

15. Sa takot ni Janine na saktan ng mga pulis ang aming tatay, sinabi na lamang nito sa mga pulis na hindi na nakakatayo ang aming tatay.

16. Pagkatapos nito ay umalis na ang mga nasabing pulis.

17. Namuo naman ang takot sa aming isipan. Natakot kami para sa kaligtasan ng aming mga mahal sa buhay. Lalong lalo na at parolado lamang ang aking asawa na napagkamalan pa ng mga pulis na nagbebenta ng droga. Lalo na at baka kapag bumalik ang mga pulis na ito at madatnan na nila ang aking asawa.

18. Ang gusto lamang naman namin ay malinis ang aming pangalan. Natatakot din ako na kapag umalis naman kami sa aming lugar, isipin nilang talagang nagbebenta kami ng droga.

19. Ang masama pa dito, ang taong totoong nagbebenta ng droga ay malayang nakakagala pero kaming mga napagkamalan lamang ang nabibiktima.

20. Walang search warrant o warrant of arrest na ipinakita ang mga pulis. Hindi sila nagpakilala. Basta na lamang sila pumasok sa aming bahay.

21. Mabuti na lamang talaga at hindi nila kami tinaniman ng shabu kagaya ng nangyari sa iba naming mga kapitbahay at sa marami pang iba na nababalitaan namin sa telebisyon at peryodiko.

22. Dahil sa mga pangyayaring ito, agad akong pumunta sa barangay hall ng Barangay 775 upang ipa-blotter ang insidente at upang linisin na rin ang aming pangalan. Ngunit, wala noong mga oras na iyon si Barangay Chairman Bernardita Enales.

23. Isang kagawad lamang ng barangay ang naroon at sinabihan ako na bumalik na lamang kapag nandoon na si Chairman.

24. Hindi kalaunan, pumunta ulit ako sa Barangay at nakausap ko si Kagawad Baloloy. Nagtanong ako sa kanya kung maari ba niya akong samahan sa Presinto Sais (6) sa Sta. Ana, Maynila na siyang may sakop sa San Andres Bukid upang linisin ang aming pangalan.

25. Sinabi ng mga opisyal sa aming barangay na hindi sila nakikialam sa mga ganitong bagay dahil madalas daw ay napapagbintangan sila ng mga pulis na "protector" ng mga adik sa aming lugar.

26. Sinabihan din nila ako na bumalik na lamang kapag nandoon na si Chairman Enales.

27. Nang madatnan ko na si Chairman, ito rin ang sinabi niya sa akin. Magpasama na lang daw ako kay Kagawad Baloloy. Ngunit sinabi lang ulit sa akin ni Kagawad Baloloy na hindi raw sila nakikialam sa mga patakaran ni Pangulong Duterte.

28. Sinabi ko naman, *"Paano naman po kami, napasok kami, paano naman ang proteksyon namin? Paano 'yung dalawa kong anak, paano kung idamay nila 'yun?"* Wala naman silang maisagot sa akin.

29. Kaya't hanggang sa ngayon ay natatakot pa rin ako na bumalik ang mga pulis sa amin. Lalong lalo na at nagkamali na sila dati, baka magkamali ulit sila at sa sunod na pagkakataon, hindi natin masabi, ay may mapahamak na sa amin.

30. Pansamantala ay wala na muna akong sasabihin.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika-OCT 13 2017 ng Setyembre 2017.

MARY ROSE B. TONTO
Lagda
VIN# 3914-29690-H0487MBT 2017

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika OCT 13 2017 ng _____, ____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

Doc. No. 102
Page No. 21
Book No. I
Series of 2017.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
6/F Antel Corporate Centre, 121 Valero St
Salcedo Village, Makati City